



FAIR WORK WEEK

LA

OPISYAL NA ABISO



Ang mga Tagapag-empleyo ng mga retail na negosyo na may 300+ empleyado sa buong mundo ay kinakailangang magbigay ng mga pamantayan sa pag-eempleyo kaugnay ng makatarungang linggo ng trabaho para sa mga manggagawa alinsunod sa Ordinansa ng Lungsod ng Los Angeles sa Makatarungang Linggo ng Trabaho. Ang mga rekisitong ito ay nalalapat sa mga Empleyado na nagtatrabaho nang hindi bababa sa dalawang oras sa isang partikular na linggo para sa isang nasasaklaw na Tagapag-empleyo sa Lungsod ng Los Angeles.

Ang Ordinansa sa Makatarungang Linggo ng Trabaho ay epektibo sa Abril 1, 2023. Para sa kumpletong mga rekisito ng Ordinansa sa Makatarungang Linggo ng Trabaho, mangyaring sumangguni sa Los Angeles Municipal Code Chapter XVIII Art. 5 Sec. 185 at Art. 8 Sec. 188.

MGA KARAPATAN NG EMPLEYADO



PAGTATANTYA NANG MAY MABUTING HANGARIN

Dapat magbigay ang Tagapag-empleyo sa bawat bagong Empleyado ng nakasulat na Pagtatantya nang May Mabuting Hangarin tungkol sa Iskedyul ng Trabaho ng Empleyado bago siya tanggapin. Para sa mga dati nang Empleyado, dapat ibigay ang pagtatantya sa loob ng sampung (10) araw mula ng hiniling ng Empleyado.



PAHINGA SA PAGITAN NG MGA SHIFT

Hindi kinakailangang magtrabaho ng empleyado sa isang Shift na magsisimula nang wala pang 10 oras mula sa kanilang huling Shift nang wala ang kanilang nakasulat na pagsang-ayon. Makakatanggap ang Empleyado ng premium pay na isa't kalahati para sa Shift na kasunod ng isang hindi sapat na panahon ng pahinga.



COVERAGE NG SHIFT

Ang Empleyado ay hindi kinakailangang maghanap ng papalit para sa Shift na hindi mapapasukan o bahagyang mapapasukan para sa mga dahilang protektado ng batas.



PAUNANG ABISO

Dapat matanggap ng Empleyado ang isang nakasulat na abiso ng Iskedyul ng Trabaho nang hindi bababa sa 14 na araw ng kalendaryo bago magsimula ang panahon ng trabaho. Maaaring tanggihan ng Empleyado ang anumang pagbabago sa oras, Shift o lugar ng trabaho na ginawa pagkatapos ng deadline sa paunang abiso.



MGA PAGHILING NG MGA PREPERENSYA

Maaaring humiling ang empleyado ng preperensya sa bilang ng oras, oras, o lugar ng trabaho. Maaaring tanggapin o tanggihan ng Tagapag-empleyo ang kahilingan, na may nakasulat na notipikasyon tungkol sa dahilan ng pagtanggap.



PRAYORIDAD SA SHIFT

Ang karagdang mga oras ng trabaho ay dapat ialok sa mga kasalukuyang Empleyado bago makapag-hire ang Tagapag-empleyo ng mga bagong manggagawa.



PREDICTABILITY PAY

Ang Empleyado ay karapat-dapat sa Predictability Pay para sa mga pagbabagong ginawa ng Tagapag-empleyo sa mga Iskedyul ng Trabaho nang mas mababa sa 14 na araw bago ng simula ng panahon ng trabaho. Napapailalim sa ilang partikular na pagbubukod, hindi isinusuko ng mga Empleyado ang kanilang karapatan sa Predictability Pay kapag boluntaryo silang sumang-ayon sa mga naturang pagbabago.

| Pagbabago na Ginawa ng Tagapag-empleyo | Predictability Pay |
|---|--|
| Pagdagdag ng oras na higit sa 15 minuto | Isang (1) oras sa regular na rate ng bayad sa Empleyado |
| Pagbabago sa petsa, oras, o lokasyon (pero walang pagbabago sa oras) | Isang (1) oras sa regular na rate ng bayad sa Empleyado |
| Pagbabawas ng oras nang hindi bababa sa 15 minuto | Ang mga oras na hindi trinabaho ay kakalkulahin sa kalahati ng regular na rate ng bayad sa Empleyado |
| On-call shift, kapag hindi tinawagan ng tagapag-empleyo ang empleyado para magtrabaho | Ang mga oras na hindi trinabaho ay kakalkulahin sa kalahati ng regular na rate ng bayad sa Empleyado |

Ang Los Angeles Office of Wage Standards Ordinance ay nagbibigay ng awtoridad sa Bureau of Contract Administration, Office of Wage Standards upang magsagawa ng mga imbestigasyon at magpataw ng mga parusa at administratibong multa para sa mga paglabag sa Ordinansa sa Makatarungang Linggo ng Trabaho.

Ang Los Angeles Municipal Code Ch. XVII Art. 5 Sec. 185.12 at Art. 8 Sec. 188.04 ay nagpoprotekta sa mga Empleyado mula sa anumang diskriminasyon o paghihiganti para sa pagpapatupad ng kanilang mga karapatan na makatanggap ng makatarungang linggo ng trabaho.



Para sa higit na impormasyon, makipag-ugnayan sa Office of Wage Standards sa 1-844-WAGESLA (924-3752) o mag-email sa wagesla@lacity.org o bisitahin ang <http://wagesla.lacity.gov/>.